



# Proyekto ng Pagpapabuti ng Kaligtasan ng Alameda CTC Rail

**Isang Paunawa ng Intensyon (Notice of Intent, NOI) upang Pagtibayin ang Unang Pag-aaral na may Iminumungkahing Inayos na Negatibong Deklarasyon (IS/MND)** ang ilalabas ng Komisyon ng Transportasyon ng County ng Alameda (Alameda County Transportation Commission, Alameda CTC) sa Abril 3, 2023 bilang Namumunong Ahensya sa ilalim ng Batas ng California sa Kalidad na Pangkapaligiran (California Environmental Quality Act, CEQA).

**Virtual na Pampublikong Pagdinig para sa Mga Tawiran sa Addison Street, Cedar Street, Bancroft Way sa Berkeley sa Huwebes, Abril 13, 2023 6:00 – 7:30 p.m.**

Kabilang sa iminumungkahing Proyekto ng Pagpapabuti ng Kaligtasan sa mga Tren sa Alameda (Alameda Rail Safety Enhancement Project, RSEP) ang ilang pang-indibidwal na tawiran sa riles sa buong County na tinukoy bilang mga prioridad at ang mga inirerekomendang pagpapabuti ay nakasentro sa pedestriyan, nagbibisikleta at gumagamit ng sasakyan na may pagbibigay-diin sa mga paaralan. Ipatatupad ang proyekto sa dalawang yugto, sa loob ng anim na lokal na hurisdiksyon.

Samahan ang Alameda CTC sa Huwebes, Abril 13, 2023 mula 6:00 – 7:30 p.m. para sa virtual na pampublikong pagpupulong tungkol sa Proyekto ng Pagpapabuti ng Kaligtasan sa mga Tren (Rail Safety Enhancement Project, RSEP) at sa mga pagpapabuting naiplano para sa mga Tawiran sa Addison Street, Cedar Street, at Bancroft Way sa Berkeley. Gaganapin ang virtual na pagpupulong sa pamamagitan ng Zoom at maaaring sumali ang mga kalahok online o sa pamamagitan ng pagtawag. Matututunan pa ng mga nakikinig na kalahok ang tungkol sa iminumungkahing proyekto, proseso ng pagsusuri sa epekto nito sa kapaligiran, mga kapakinabangan ng proyekto, at kung paano magkokomento sa proyekto.



**PAGDALO SA PAMAMAGITAN NG ZOOM:** Magparehistro na ngayon sa [www.alamedactc.org/RSEP-A\\_No2](http://www.alamedactc.org/RSEP-A_No2). Pagkatapos magparehistro, tatanggap ng email ang mga kalahok na may link sa pagpupulong at impormasyon sa pag-dial in.

**Hindi makakadalo sa pagpupulong?** Tatanggapin ang mga pampublikong komento hinggil sa dokumento ng CEQA mula Abril 3, 2023 hanggang Mayo 2 ng 2023. Maaaring iparating ang mga pampublikong komento kay Jhay Delos Reyes, Pangunahing Inhinyero ng Transportasyon sa Alameda CTC, sa pamamagitan ng email sa [jdlosreyes@alamedactc.org](mailto:jdlosreyes@alamedactc.org) o sa pamamagitan ng sulat sa 1111 Broadway, Suite 800 Oakland, CA 94607.

## Mga Serbisyo ng Interpretasyon

Mayroon na ngayong audio channel na may live na interpretasyon sa Espanyol, Tsino, at Tagalog sa Zoom sa panahon ng pagdinig. Kung kailangan mo ng mga serbisyo ng interpretasyon sa virtual na pampublikong pagdinig sa Martes, Marso 21, mangyaring magpadala ng email na may kahilingan mo sa [t.cook@circlepoint.com](mailto:t.cook@circlepoint.com) hanggang Lunes, Abril 10 sa ganap na 5:00 p.m.